SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

Mga Mito at Katotohanan

Ang Sexual Orientation and Gender Identity (SOGI) ay hindi nakahiwalay na kurikulum. Ang mapagpabilang na edukasyong_SOGI ay sumasakop sa malawak na hanay ng mga paksa kasama na dito ang pagkakakilanlan at pagsasama. Ang layunin nito ay upang mabawasan ang pambu-bully at diskriminasyon. Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay hindi nakasentro sa sekswalidad.

Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay isa sa maraming mga kasangkapan na ginagamit ng mga guro sa distrito ng aming eskwelahan para isulong ang pang-unawa at pagtanggap ng bawat miyembro sa ating pamayanan, ano man ang lahi, kultura, relihiyon, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan sa kasarian.

Ang oryentasyong sekswal at pagkakailanlan sa kasarian ay protektado sa ilalim ng BC Human Rights Code, ang Canadian Charter of Rights and Freedoms, at mga panlalawigang lehislasyon. Ang Surrey School District ay nakatuon sa paniniguro ng ang bawat silid-aralan sa ating distrito ay malugod na tumatanggap, at lahat ng estudyante ay mararamdamang sila ay ligtas at suportado.

Ang aming tuon ay aabot sa pagsuporta sa mga guro at mga eskwelahan habang isinasama nila ang mga sanggunian ng pagkakaiba-iba ng oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan sa kasarian na angkop sa edad. Ang paraang ito ay naglalayong pagyamanin ang pagpapaubaya, dignidad, at respeto habang nagtatrabaho para mabawasan ang mga insidente ng karahasan at diskriminasyon laban sa mga estudyante at miyembro ng pamayanan na nagpapakilala bilang 2SLGBTQ+.

Merong mga maling akala tungkol sa kung ano ang mapagpabilang na edukasyong SOGI at kung ano ang itsura nito sa aming eskwelahan. Narito ang ilang mga mito at mga kaukulang katotohanan tungkol sa mapagpabilang na edukasyong SOGI:

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay nagsusulong ng espesipikong oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan sa kasarian.

KATOTOHANAN: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay hindi nagsusulong ng espesipikong pagkakakilanlan o oryentasyon at ito ay dinisenyo para lumikha ng mapagpabilang na kapaligiran para sa lahat ng mga estudyante, ano man ang kanilang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan sa kasarian. Ang layunin nito ay upang labanan ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng representasyon ng lahat ng mga tipo ng tao sa loob ng mga mapagkukunan sa silid-aralan at palakasin ang kamalayan sa mga karanasan at mga hamon na hinarap ng mga 2SLGBTQ+ na mga indibidwal.

SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

MITO: Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay hindi naaangkop at naglalaman ng mga di nararapat.

KATOTOHANAN: Walang pornograpiko o di nararapat na nilalaman ang ano mang kurikulum na itinuturo sa aming eskwelahan. Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI at mga mapagkukunan nito ay tumutugon sa mga paksa tulad ng magkakaibang pagkakakilanlan, pagkakaiba-iba ng pamilya, stereotypes, pambu-bully at pang-iinsulto. Ang mga mapagkukunang ito ay nakakatulong sa mga guro na masigurong mararamdaman ng bawat isa na sila ay napapabilang kapag nagtuturo ng ano mang asignatura, kasama na ang araling panlipunan, Ingles, at pati edukasyon sa sining.

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay katulad din ng edukasyon para sa pangkalusugang sekswal.

KATOTOHANA: Ang SOGI ay isang naiiba at hiwalay na paksa sa edukasyon para sa pangkalusugang sekswal. Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay dinisenyo para isulong ang pang-unawa, pagpapabilang, at suporta para sa lahat ng estudyante, at sumasakop sa mas malawak na hanay ng mga paksa, kasama na ang pagkakakilanlan, respeto, at pakiramdam ng pagkabilang.

Ang edukasyon para sa pangkalusugang sekswal naman, ay parte ng BC's Physical and Health Education na kurikulum at nakatuon sa biyolohikal, pisyolohikal, at aspeto ng reproduktibo ng sekswalidad ng tao. Ang edukasyon para sa pangkalusugang sekswal ay hiwalay na itinuturo at sumusunod sa mga tiyak na mga alituntunin. Ang mga magulang o mga tagapag-alaga, na nakikipagkunsulta sa kanilang eskwelahan, ay maaaring ayusin ang alternatibong paghahatid para sa mga ilang mga paksa na nilalaman ng kurukulum ng Pisikal at Pangkalusugang Edukasyon para sa mga K-10 na mga estudyante

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay lumalabag sa karapatan ng mga magulang.

KATOTOHANAN: Ang mapagpabilang ng edukasyong SOGI ay sinadya upang umakma sa mga pagsisikap ng mga magulang sa pagtuturo sa halaga ng pagpapaubaya, respeto, at pagtanggap sa lahat ng tao. Hindi nito papanghinain ang karapatan ng mga magulang bagkus ito ay magbibigay ng mas malinaw na pang-unawa sa pagkakaiba-iba at pagpapabilang sa lahat ng mga estudyante at mga pamilya.

SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay tungkol sa "pangangalap" ng mga estudyante para maging 2SLGBTQ+.

KATOTOHANAN: Ito ay mitong walang basehan. Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay nalalayong lumikha ng pang-unawa, pagtanggap, at pagbilang para sa mga 2SLGBTQ+ na mga indibidwal. Hindi nito hangaring mangalap o mang-impluwensya sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan sa kasarian ng mga estudyante. Ang mga guro ay may malalim na respeto at pinapahalagahan ang mga natatanging pagkakakilanlan ng mga estudyante, at maiging nagtatrabaho para lumikha ng mapagpabilang na kapaligiran sa silid-aralan.

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay hindi naaangkop para sa mga estudyante.

KATOTOHANAN: Lahat ng mga estudyante ay natututo tungkol sa mga paksa gaya ng respeto, pagkahabag, at pagkakaiba-iba, samantalang ang mga mas kumplikadong mga paksa tulad ng diskriminasyon at kawalan ng hustisya ay maaaring siyasatin sa paraang naaangkop ayon sa paglaki at edad. Ang mga mapagkukunan ng mapagpabilang na SOGI ay may napakahalagang papel sa pagtugon sa mga pangunahing mga pagpapahalaga ng tao tulad ng pagkakaiba-iba, pagtanggap, at pakiramdam ng napapabilang. Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay mahalaga para sa bawat bata.

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay isang bago at kontrobersyal na dagdag sa edukasyon.

KATOTOHANAN: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI, tulad ng pagsama sa mga iba't-ibang kultura at lahi, ay parte na ng mas malawak na layunin para sa pagkakaiba-iba at pagbilang sa ating eskwelahan ng mga dekada na. Bagamat ang SOGI ay napagtutuunan ng pansin kamakailan lang, ito ay hindi bagong konsepto at ito'y sinusuportahan ng maraming mga organisasyong pang edukasyon, mga distrito ng eskwelahan, at mga eksperto sa paglaki at kalusugan ng bata . Ang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan sa kasarian ay protektado din sa ilalim ng BC Human Rights Code, ang Canadian Charter of Rights and Freedoms, at panlalawigang lehislasyon.

SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

MITO: Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay hindi kailangan dahil ang mga isyu ay hindi nauukol na paksa para sa lahat ng estudyante.

KATOTOHANAN: Ang mga isyu na ito ay nauukol para sa bawat estudyante. Ang mapagpabilang na edukasyong SOGI ay inilaan para pagyamanin ang pagpapabilang at respeto, tugunan ang mga isyu sa diskriminasyon at pambu-bully, at bumuo ng pang-unawa at pagdamay sa lahat ng mga estudyante. At saka ang mga 2SLGBTQ+ na mga estudyante ay miyembro ng ating pampaaralang pamayanan at madalas ay humaharap sa mga natatanging hamon kaugnay sa kanilang pagkakakilanlan.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pagkakaroon ng mapagpabilang na mga silid-aralan at mga espesipikong mga patakarag SOGI laban sa pambu-bully ay nakakapagpabuti sa klima ng paaralan, nakakabawas ng diskrimasyon, depresyon, pagkabalisa, paggamit ng mga "sangkap", ideya ng pagpapakamatay, at pagtatangkang magpakamatay para sa LAHAT ng mga estudyante. Ang mga mapagkukunan na SOGI ay makakatulong na siguraduhing ang mga eskwelahan ay malugod na tumatanggap sa bawat tao at pinapayagan ang mga guro na tugunan ang mga importanteng mga paksa sa paraang ligtas at naaangkop sa edad.

MITO: Ang mga aklatan sa paaralan ay may mga librong hindi nababagay para sa mga bata.

KATOTOHANAN: Ang mga aklatan sa paaralan at learning commons ay ligtas na lugar para sa mga bata at kabataan. Ang aming distrito ay mayroon mga komprehensibong patakaran na gumagabay sa mga gurong librarian kapag namimili ng mga libro para sa mga aklatan sa paaralan. Ang patakaran na ito ay mayroong mga espesipikong pamantayan na isinasaalang-alang ng mga librarian ng mababa at mataas na paaralan. Ito ay paniguradong ang mga pipiliing aklat ay naaangkop sa edad at sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng ating pamayanan, kasama na ang mga estudyante at mga pamilya na 2SLGBTQ+.

Sa aming mga mataas na paaralan, ay may isang malawak na hanay ng mga libro na tumutugon sa iba't-iba, at kung minsan ay mature na paksa. Ang mga aklatan sa mga paaralan ay nag-aalok ng kontroladong kapaligiran kung saan ang mga estudyante ay makapagsisiyasat sa mga paksang ito ng ligtas at sa nakabalangkas na paraan. Ang pagkakaroon ng access sa mga mapagkukunan na umuusisa sa iba't-iba at mature na mga paksa ay mahalaga para sa mas nakakatandang mga estudyante, na mag-aalis sa pag-asa sa potensyal na di-maaasahaan at nakasasamang mga mapagkukunan sa internet. At saka ito ay gumagarantiya na merong mapagkakatiwalaang nasa hustong gulang na magbibigay ng suporta kung kinakailangan.

SOGI SEXUAL ORIENTATION AND GENDER IDENTITY

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

If you have any questions about your child's education, please talk to your school. We value and encourage open communication with parents and caregivers, and work hard to ensure parents and caregivers are well-informed and actively engaged in their child's educational journey.

Together, we can create a more understanding, inclusive and accepting community.